0217 21026

Republic of the Philippines

# Department of Education

Region II – Cagayan Valley

**REGIONAL MEMORANDUM**
**No. 029 s, 2021**

Para kina: **Katuwang na Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan**
Hepe ng Sangay sa Pagpapatupad ng Kurikulum
Hepe ng Sangay sa Pamamahala sa mga Operasyon ng Paaralan
Superbisor sa Programang Edukasyon
Pandistritong Superbisor
Mga Punongguro ng Pampubliko at Pampribadong Paaralan ng Elementarya, Sekundarya
At sa Lahat ng Kinauukulan

Mula kay: **BENJAMIN D. PARAGAS, PhD, CESO V**
Director IV

Petsa: 19 ng Pebrero 2021

Paksa: **PAGSUSUMITE SA KOMISYON SA WIKANG FILIPINO NG MGA PAPEL PARA SA JOURNAL NG PANDIWA 2021**

1. Ipinababatid ng opisinang ito na ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay tumatanggap na ng mga papel para sa Pandiwa. Ang Pandiwa ay journal sa Filipino na inilalathala ng KWF na nagtatampok ng mga pag-aaral at saliksik tungkol sa panitikan, wika, at kultura ng bansa.

2. Para sa edisyong 2021, itatampok ang mga pag-aaral sa katutubong wika ng ating bansa na maaring makatuon sa:

    - ponolohiya
    - morpolohiya
    - sintaks
    - gramatika
    - leksikograpiya
    - diyalaktolohiya
    - edukasyong pandiwa
    - diyakronikong lingguwistika
    - nanganganib na wika (language endangermen)
    - pagpapasigla ng wika (language revitalization)
    - buháy ng dúnong (intangible cultural heritage)

3. Ang huling araw ng pagsusumite ng papel ay sa 31 Mayo 2021 sa kwf.ssg@gmail.com. Kalakip ay ang kabuoang tuntunin sa pagsusumite ng papel sa KWF. (Kalakip 1)

4. Para sa iba pang detalye at impormasyon, makipag-ugnayan kay Octavio V. Cabasag, PhD., Hepe ng Edukasyong Pangkurikulum, Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 2 sa numerong 0909 156 6065 (globe) at 0998 538 5668 (smart).

5. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

Mga Kalakip:

Tuntunin sa Journal ng Pandiwa 2021
Panawagan ng KWF sa pagsusumite ng Pandiwa 2021

CLMD/ovc/romel/memo pandiwa 2021

DEPEd REGIONAL OFFICE 02
RELEASED
DATE: 2.22.21
BY:
RECORDS SECTION

**Kalakip 1**

## TUNTUNIN NG PANDIWA 2021

1. Kailangang orihinal at hindi pa nailathala o naisumite para sa konsiderasyon ng ibang publikasyon o journal ang papel, elektroniko man o limbag na anyo.

2. May nakalakip na abstrak na hindi lalagpas sa 250 salita.

3. Narito ang format para sa isumiteng artikulo:
   - Naka-encode o kompiyuterisado sa A4 bond paper
   - 1 inch margin sa lahat ng gilid
   - Double space
   - Times New Roman, 12 font size

4. Ang dokumentasyon ay naayon sa format ng KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat.

5. Maaring lakipan ng biswal na materyal (may kulay o black and white) gaya ng orihinal na larawan, ilistrasyon, graph, matrix, mapa, at iba pa. Tungkulin ng awtor na kumuha ng permiso sa anumang materyal na may karapatang-ari.

6. Isumite ang papel sa kwf.ssg@gmail.com. Maglakip ng maikling talâ sa sarili na naglalaman ng: pangalan, paaralang [inagtuturuan o institusyong pinagtatrabuhan, organisasyong kinabibilangan, kasalukuyang posisyon/ranggo(sa organisasyon, institusyon/paaralan), digri, kinabibilangang larang, espesyalisasyon, pinakabagong publikasyon, pananaliksik, at iba pang mahahalagang impormasyon.

7. Ang ipapasang mga lahok ay sasailalim ng prosesong refereeing.

8. Makakatanggap ng liham kung natanggap o hindi natanggap ang iyong papel. Para sa karagdagang impormasyon, makikipag-ugnayan kay Gng. Evelyn E. Pateňo sa 0906-278-4713 o 0951-787-1050 o mag-email sa kwf.ssg@gmil.com.

0217 21026

DEPED REGIONAL OFFICE 02
RECEIVED
DATE: 2.17.21
BY:
RECORDS SECTION

## Panawagan sa mga Papel

# PANDIWA

## Journal ng Komisyon sa Wikang Filipino

### Pag-aaral sa mga katutubong wika na maaaring nakatuon sa:

- ponolohiya
- morpolohiya
- sintaks
- gramatika
- leksikograpiya
- diyalektolohiya
- edukasyong pangwika
- diyakronikong lingguwistika
- nanganganib na wika (language endangerment)
- pagpapasigla ng wika (language revitalization)
- buháy na dúnong (intangible cultural heritage)

**31 MAYO 2021**
huling araw ng pagsusumite.

Mag-email sa **kwf.ssg@gmail.com.**